

PROLOGUE

Mataas ang sikat ng araw noong tanghaling iyon, ngunit hindi iyon pansin ni Annie. Kahit tumatagaktak na ang pawis sa kanyang noo at likuran, mabilis pa rin ang pagkaripas niya ng takbo. Lumingon siya at napahalakhak nang makitang bumabagal sa pagtakbo ang kaibigang si Tristan. Tumigil siya saglit sa ilalim ng isang puno at sinikap na habulin ang hininga.

“Sinasyadya mo ba talaga akong manalo o talunan ka lang talaga?” biro niya.

“Baka nakakalimutan mo na mas matanda ako sa 'yo, kaya ganda-gandahan mo dapat ang paghahamon. Saka pinagbibigyan lang kita, baka kasi sabihin mo na parati na lang ako nananalo.” Sa wakas ay nakaabot din si Tristan. Sumandal ito sa puno at pinunasan ang sarili gamit ang tuwalyang nakasukbit sa balikat nito.

Bahagyang umihip ang hangin na nagdala ng panandaliang ginhawa sa init ng araw. Matayog ang puno ng mangga na kinasilungan nila. Sa katunayan, malalaki at matatayog talaga ang mga puno ng mangga na pag-aari ng pamilya ni Annie. Nasa dalawa't kalahating ektarya ng lupa ang

kinatatamnan ng mahigit-kumulang na tatlong-daang puno ng mangga.

Ang kanilang mango farm ang pinakamalaki, at ang mga ani roon ang pinakamatamis sa buong bayan ng Candelaria, Zambales.

Natawa siya. “Yan din ang sinabi mo sa ’kin kahapon. Ano ba ’yan, Tris, nakakawalang gana na makipaglaro sa ’yo.”

“Ikaw, minsan ka lang manalo sa laro, kulang na lang ipagsigawan mo sa buong bayan.”

“Okay, sige. Pustahan tayo hindi mo ako mahahabol,” hamon niya.

“Yan ang akala mo!”

Napatili siya nang bigla na lang siyang hablutin ng kaibigan. Mabuti na lang at mabilis ang kanyang reflexes at nakaalpas kaagad dito at nagtatakbo. Tumakbo pa siya nang malayu-layo para magkaroon sila ng malawak na distansya. Nang lumingon siya sa likuran ay nakita niyang kakarag-karag ang kaibigan. At dahil sa pagkaabala ay hindi niya nakita na may ugat pala ng puno na naka-usli sa lupa. Napatid siya roon at bumagsak sa lupa.

“Aray!”

Bagaman malayo ang distansya ni Annie ay nakita ni Tristan ang pagkakadapa ng kaibigan. Agad itong kumaripas ng takbo.

“Annie! Ayos ka lang ba?”

Gusot ang mukha ni Annie habang pinipilit na bumangon sa pagkakasalampak. Nang iangat niya ang kaliwang binti, nakita niyang nagdurugo ang kanyang tuhod.

“Tris, masakit...” hikbi niya.

“Teka, dahan-dahan lang. ‘Wag mong pilitin tumayo bigla,” paalala nito.

Inalalayan siya nito para makabangon pero napadaing ulit siya sa sobrang sakit ng kanyang binti. Pagtingin niya ay bahagyang namamaga na pala ang kanyang kaliwang paa.

Nang akmang hahawakan sana nito iyon ay napasigaw siya. “Wag! Masakit!”

Hindi pa nga lumalapat, gustong sabihin ni Tristan. Pero batid nito ang pinaghalong sakit at takot na nararamdaman ni Annie kaya hindi na lang ito nagsalita. Pinasan nito ang kaibigan sa likod.

“Iuuwi na kita sa inyo para magamot ’yang sugat mo.”

Napakapit si Annie nang mahigpit sa balikat nito.

“Wag, ayoko pang umuwi. Hindi ba puwedeng d’un na lang muna ako sa bahay n’yo?”

Simula nang mamatay ang mama niya noong nakaraang taon, marami nang nagbago sa kanilang pamilya, lalung-lalo na sa kanyang ama. Hindi nito matanggap ang pagkamatay ng asawa kaya itinuon na lamang ang buong panahon sa pamamalakad ng kanilang mango farm.

Ang dating masayahin at mapag-arugang asawa at ama ay naging bugnutin at malayo ang loob sa kanya. Bagaman masyado pang bata si Annie para maintindihan ang lahat ng iyon, alam niyang hindi na masayang tahanan ang bahay nila. Kaya mas nais niyang manatili sa labas kasama ang kaibigang si Tristan. Panganay na anak ito ng katiwala nilang si Mang Pilo.

Hindi lingid kay Tristan ang pagtatampo ng kaibigan sa ama. Kahit dito ay hindi lingid ang pagbabago sa pag-uugali ni Roberto Lopez, ang ama ni Annie. Gayunpaman, hindi ito kailanman nagkomento sa relasyon ng mag-ama. Tahimik nitong tinahak ang daan patungo sa bahay ng kaibigan.

“Teka, bakit pupunta tayo sa amin? S’abi nang

ayoko muna umuwi, eh!” maktol niya.

“Wag ka nang marami pang satsat diyan. Baka hanapin ka ng papa mo kaya mabuti pang sa inyo tayo pumunta para magamot iyang tuhod mo.”

“Wala si Papa sa bahay. Lagi siyang wala,” katuwiran niya.

Pagdating sa malaking bahay ay lumabas si Nanay Ising sa pintuan.

“Diyos ko, ano’ng nangyari sa ’yo bata ka?” tarantang saad nito.

Dahan-dahang ibinaba ni Tristan si Annie sa unang baitang ng hagdan sa harap ng bahay.

“Ang kulit nitong alaga n’yo, Nanay Ising. ’Yan tuloy, sumemplang. Natisod yata sa ugat ng puno.”

“Kung di ka kasi lalampa-lampa, hindi ko kailangan lumingon parati para siguraduhin na buhay ka pa!” Umismid siya.

“Nanay Ising, nakita n’yo ba si Annie? Kanina ko pa siya hinahanap.” Tinig iyon ng papa niya.

Lahat sila ay natigilan. Nakita ni Roberto ang pawisang mukha ng anak, pagkatapos ay ang duguan niyang tuhod at namamagang paa. Nagsalubong ang

mga kilay nito.

Alam ni Annie na makakatikim na naman siya ng sermon. Kung mayroong isang bagay na hindi nakakaligtaan ng ama, iyon ay ang pagalitan siya.

Magsasalita na sana siya nang biglang magpaliwanag si Tristan.

“Nadapa po si Annie kaya iniuwi ko po siya para magamot ang mga sugat niya.”

Pinukulan ni Roberto ng tingin ang batang lalaki, pero ang sunod nitong sinabi ay para sa kasambahay.

“Nanay Ising, ipasok mo na si Annie. Paliguan na 'yan at gamutin ang sugat.”

Dali-dali siyang inalalayan ng matanda. Hindi pa rin siya makapaglakad nang maayos. Dapat ay kakausapin pa niya si Tristan, pero iginaya na siya ni Nanay Ising sa loob.

Malamang ay madamay ang kaibigan sa kapilyahan niya.

Tatlong linggo halos na nagpagaling si Annie sa loob ng bahay. Mahigpit siyang pinagbawalan ng ama na lumabas hangga't hindi pa tuluyang gumagaling

ang maga niyang paa.

Noong nakaraang linggo ay humupa na ang pamamaga niyon, pero hindi pa rin siya pinapayagang maglaro sa labas.

Nakahanap siya ng pagkakataong makapuslit nang malingat si Nanay Ising. Agad siyang nagtungo sa paborito niyang puno sa buong farm. Iyon ay ang pinakamalaking puno ng mangga sa kalagitnaan ng kanilang lupain.

Balak sana niyang akyatin ang puno para maupo sa isa sa malalaking sanga, pero hindi na lang niya itinuloy. Hindi siya sigurado kung lubusan nang magaling ang paa niya. Ayaw niyang masangkot sa isa pang aksidente.

May ilang minuto na siyang nakaupo sa isang malaking ugat nang may narinig na kaluskos sa likuran. Hindi na niya kailangan pang lumingon para alamin kung sino ang naroon.

“Ang tagal mo. Kanina pa kita hinihintay,” reklamo niya kay Tristan.

“Kani-kanina ko lang narinig na naghihisterya si Nanay Ising kaya ngayon lang ako nakapunta. Saka tinulungan ko pa si Tatay. Alam mo naman na maraming aanihing mangga sa panahon ngayon.

Bakit ba tinakasan mo ang bantay mo?”

Nagkibit-balikat siya. “Nakakabagot sa bahay. Ikaw kaya ang makulong doon ng gan’un katagal.”

“Magaling na ba ang paa mo?” tanong nito.

Ngumiti siya. “Bakit? Maglalaro ba tayo uli? ‘Wag na habulan baka madapa na naman ako.”

Umiling ito at umupo sa tabi ng kaibigan.

“Dapat ay pupuntahan kita sa bahay ninyo kanina para magpaalam. Kaso naunahan mo ako nang makatakas ka kay Nanay Ising.”

“Magpaalam? Bakit? Pupunta ba kayo ni Mang Pilo sa bayan? Eh, di ba, pumupunta lang kayo doon kapag naaani na ang lahat ng mangga?”

Umiling itong muli. Humarap ito sa kanya at huminga nang malalim.

“Ang ibig kong sabihin ay magpapaalam na ’ko. Sabi ni Tatay, sa Maynila ko na lang daw tapusin ang pag-aaral ko. Doon ako titira kina Auntie Nerisa.”

“Ano? Bakit? Bakit ka paaalisin ni Mang Pilo? Akala ko ba kailangan ka niya dito?” Nataranta na siya sa ibinalita ng kaibigan.

Paano siya tatagal sa lugar nila kapag wala na

roon si Tristan? Ano na lang ang gagawin niya kapag wala na ito sa tabi niya?

“Sa tingin ko tama ang papa mo. Hindi na tayo mga maliliit na bata, Annie. Hindi tama na parating magkasama ang isang dalaga at isang binata.”

Bigla siyang napatayo. She winced slightly at the sudden pressure on her foot.

“I’m only twelve! Bakit pati ang pagkakaibigan natin ginagawa niyang issue? Bakit lahat na lang pinapakialaman niya? Dahil ba napilayan ako? ’Yun ba?”

Hinawakan nito ang kamay niya at hinila siya para umupo. Matagal na silang magkaibigan at malimit silang magkasama sa maraming bagay. Alam nito ang nadarama ni Annie dahil ito man ay ganoon din ang saloobin. Ngunit nais man nitong aluin ang kaibigan ay hindi nito magawa.

Sumenyas ito sa kanya na maupo sa tabi nito, ngunit tumanggi ang dalagita. Sa halip ay tinalikuran niya si Tristan at sumandal sa katawan ng puno.

Napahikbi siya. “Si Papa ba ang may pakana nito?”

Hindi ito makasagot.

“Si Papa ba?” This time, mas malakas ang boses niya.

“Annie—”

“Akala ko ba walang iwanan?” sigaw niya. “Akala ko ba dapat parati tayong magkasama?”

“Tama ang papa mo. Darating ang panahon na hindi na dapat tayo naglalaro ng taguan o habulan. Iniisip lang niya ang kapakanan mo,” paliwanag nito, kahit ito mismo ay hindi naniniwala sa mga sinasabi.

“At kailan pa niya inisip ang kapakanan ko?”

Hindi na niya hinintay ang sagot nito. Tumakbo siya pabalik sa kanila, hindi alintana ang bahagyang pagkirot ng paa.

Sa ilalim ng punong iyon ay naiwan si Tristan na walang nagawa kung hindi panoorin ang papalayong anyo ni Annie. Alam nitong iyon na ang huli nilang pagkikita. Hindi na nito nasabi na sa susunod na linggo ay luluwas na ito patungong Maynila, dahil iyon sa kagustuhan ng ama ni Annie na paglayuin sila.

Hindi na narinig ng dalagita ang huling sinabi ni Tristan.

“Babalik ako, Annie, pangako ’yan.”

1

Sumalampak si Annie sa swivel chair. Pakiramdam niya lahat ng dumi at alikabok ay nakadikit na sa damit at buhok niya. Sanay siyang mag-commute, pero grabe talaga ang araw na iyon. Nasa talyer ang second hand na kotse niya kaya napilitan siyang mag-commute papunta sa meetings niya. Kaliwa't kanan ang appointments niya para makakuha ng malaking account para sa kanilang kompanya.

She co-owned *Lopez and Arenas Communications*, a marketing and advertising agency na ipinundar nila ng kaibigang si Jenna. May ilang taon din silang nagtrabaho sa corporate world bago nila naitatag ang sariling business.

They both felt knowledgeable enough to put up their own company and be their own boss. Iyon lang, sadyang mahirap makipagsabayan sa mga established companies in the same line of business.

Kaya kung kumayod ay talagang higit pa sa sandaang porsyento ang ibinibigay nila. Nasa Quezon Avenue ang opisina nila. Pasado alas nueve na ng gabi siya nakabalik doon.

Galing siya sa biddings ng marketing agency na kukunin ng mga companies para gawin ang ad campaigns ng mga ito. As always, naroon ang mga sikat na ad agencies with their flashy portfolios.

May edge nga siguro ang bonggang presentations, pero para kay Annie, mas mahalaga ang content. Nakakapanliit din kung makatingin ang representatives ng ibang agencies. Siya lang kasi ang may kakaibang approach.

Kung minsan, naiisip niya kung tama ba ang ginagawa niya. Masyado ba siyang rigid at hindi makatimbre sa gusto ng kliyente? Matigas ba ang ulo niya at lagi ay ipinipilit niya ang sariling paniniwala? Sabi nga ng marami, the customer is always right.

There must be at least one company out there that would value her ideas and appreciate her unique marketing approach. Ayaw rin naman niyang makatrabaho ang isang kliyente nang hindi taos sa loob niya.

She was very much aware though that their company needed accounts. Nag-iisip na nga siya kung kailangan niya talagang maging ganoon kapihikan.

“Mukhang pagod ka na, Annie. Mabuti pa umuwi ka na at magpahinga na lang.” It was her friend

Jenna.

Nakasandal ito sa doorway at may hawak na tasa ng umuusok na kape. Her hair was pulled into a bun at may nakasukbit na ballpen sa kaliwang tainga. Maliit itong babae, maganda at alerto ang mga mata. Her bubbly friend was a ray of sunshine in their dismal situation.

Natawa siya. “Ikaw, ano pa ang ginagawa mo rito sa opisina? Late na, ah.”

Nagkibit-balikat ito. “Hindi ko pa feel umuwi. Kailangan ko pang tapusin ’yung financial accounts natin. Inaayos ko din ’yung listahan ng mga aplikante for final interview.”

Si Jenna ang finance officer nila at all around admin personnel dahil kakaunti pa ang mga empleyado nila. Plano nilang unahin ang pagbuo ng creative team. May ilang projects na rin naman silang nakuha, hindi nga lang long term.

“Pasensya ka na, ha? Medyo nahihirapan pa akong makipagsabayan sa mga big shots. Pero promise, kapag nakabingwit ako ng malaking account, magha-hire tayo kaagad ng tao para matulungan ka.”

Jenna waved her hand. “Sus, ano ba? Gan’un talaga kasi nag-uumpisa pa lang tayo. Besides, gusto

ko 'tong ginagawa ko. At least, I'm not slaving away para yumaman ang isang kompanya na wala namang paki sa 'kin."

She smiled. Buti pa ang kaibigan niya, hindi nawawala ang positive outlook sa buhay. Buhusan man niya ito ng frustrations niya sa trabaho, Jenna was always the voice of reason and encouragement.

"So, kumusta ang lakad? Any luck?" tanong nito.

Napahugot siya ng malalim na hininga.

"That bad, huh?" anito.

"Not really. I have another pitch tomorrow para sa isang bank. I think may pag-asa tayo dito. I talked to their marketing communications manager at binigyan ko siya ng profile natin."

Tumango si Jenna. "That's good. Oo nga pala, this came in the mail today." Iniabot nito sa kanya ang isang plastic envelope ng *LBC* kung saan nakasulat ang isang pamilyar na address. "Mukhang galing sa papa mo."

She hastily opened it at mabilis na ini-scan ang nakasulat doon. Her face fell.

"What? Bad news ba?"

She stared at the letter in disbelief, her face pale.
“I don’t believe this.”

“Ano nga? Akin na nga ’yan!” Hinablot nito ang papel mula sa kamay niya at binasa ang nilalaman niyon.

“He’s doing it again, Jen,” bulong niya.

“Ano ka ba? Your dad is just asking you to go home.”

She sighed. “Precisely. He’s always ordering me around. He expects me to drop everything at once when he summons me. ’Yun ang dahilan kaya hindi ko siya matagalan.”

Among other things, dagdag ng isip niya.

Jenna rolled her eyes. “Alam mo, Friend, ang drama mo. Kahit ano pa ang sabihin mo, tatay mo pa rin siya. Baka may mahalagang rason kung bakit gusto ka niyang pauwiin. Besides, ngayon lang naman nakiusap sa iyo ’yung tao.”

“Yeah, pero sinabi niya na kailangan bukas nasa Zambales na ako.”

“So?”

“Ano ka ba! Di ba may appointment ako bukas?”

Hindi puwede na basta ko na lang iwan sa ere ang trabaho ko,” himutok niya.

Jenna knew how much Annie resented her dad since childhood. Bakit ngayon ay parang kumakampi pa ito sa tatay niya?

Tiningnan siya nito nang derecho. ”Annie, when was the last time na nag-usap kayo? Hindi ba simula noong umalis ka sa poder niya, wala ka nang balita tungkol sa kanya? Think about it. Ten years is an awful long time para hindi mo man lang pakiharapan ang papa mo.” Humigop ito ng kape at pinanood ang mga emosyon na naglalaro sa mukha ng kaharap.

Magsasalita sana siya nang itaas nito ang isang kamay.

”Idadahilan mo pa ang trabaho. Ako na ang bahala doon sa appointment mo bukas. Siguro naman may tiwala ka sa ’kin para ipaubaya ang importanteng appointment na ’yun,” panunubok nito

”You know I’d trust you with my life.”

Jenna had a smug look on her face.

”Yun naman pala. It’s settled then. Now go home and pack your things. Puwede rin na dumerecho ka na sa bus terminal sa Caloocan. I think may mahahabol

ka pang biyahe pauwi sa inyo.”

She didn't like the idea at all, but the way things were going, she didn't seem to have much choice. Maybe, it was time to face her dad too.

Matapos ang humigit-kumulang limang oras na biyahe, nakarating din ng Candelaria si Annie. Pupungas-pungas siya nang bumaba sa *Victory Liner* na bus. Alas siete na ng umaga at nasilaw siya sa sikat ng araw.

Naka-shades siya at nakatalukbong ng hooded sweater habang natutulog sa bus kanina. Pero hindi siya nakatulog nang maigi dahil maiingay ang mga katabi niyang pasahero. Pakiramdam niya tuloy ngayon ay binibiyak ang ulo niya sa sakit.

Nang makapag-adjust na ang mga mata niya sa ilaw, mabagal siyang naglakad papunta sa bahay nila. Para siyang nananaginip habang naglalakad sa kalsada. Halos walang nagbago sa bayang kinalakhan niya. Gising na ang marami para sa pang-araw-araw na mga gawaing-bahay.

Candelaria was the perfect place to raise children dahil tahimik ito at mababait ang mga tao. Magkakilala halos ang lahat. Hindi tulad sa Maynila

na tila walang pakialaman ang mga magkakapitbahay.

Iba talaga sa probinsya. She was surprised to admit that she missed the place.

What she hoped to forget were the unpleasant memories that came with the feeling of nostalgia. May kung anong kumurot sa puso niya nang madaanan ang ilan sa mga pamilyar na lugar ng kabataan niya. She was not able to reminisce that long because she soon found herself in front of their gate.

Nakabukas na iyon. Malamang ay nag-uumpisa nang magtrabaho ang mga manggagawa sa farm. Pumasok siya sa gate, wala siyang sundo. Parang walang nakakaalam na darating siya.

Saglit niyang pinanood ang kanilang bahay mula sa hardin. Gawa iyon sa matibay na kahoy at coral stone, ang disenyo ay kahawig ng mga lumang bahay-Kastila. Iyon marahil ang pinakamalaki sa buong Candelaria.

Parang walang magandang alaalang hatid ang bahay na iyon sa kanya. Ang nangingibabaw sa isip niya ay ang pagpanaw ng kanyang ina, ang malamig na pakikitungo ng ama sa kanya pagkatapos, at ang mga huling araw niya roon bago lumuwas ng Maynila

para mag-aral sa kolehiyo.

Mula sa kinatatayuan ay tanaw niya ang pigura ng isang matandang babae na nakayukod at nagwawalis ng tuyong dahon. Ilang taon man ang lumipas, hinding-hindi niya malilimutan ang anyong iyon.

”Nanay Ising?” Hindi man ganoon kalakas ang tinig niya, sapat iyon para mag-angat ang matanda ng ulo.

Napatda ito nang makilala siya. ”Annie? Ikaw nga ba ’yan, Hija?”

She laughed and moved into the old woman’s arms.

”Aba’y dalagang-dalaga ka na talaga! Napakatagal mong hindi nagpakita.” Pinagmasdan siya nitong maigi, mula sa kanyang mahabang buhok na nakatali hanggang sa alikabok ng kanyang suot na sandals. ”Aba’y kagandang bata mo talaga... manang-mana ka sa iyong mama.”

Totoong kahawig ni Annie ang yumaong ina, mula sa chinitang mga mata at ang mala-sutlang kutis. Lamang, dahil sa pagod sa trabaho, alam niyang may eyebags siya na wala sa features ng mama niya. Dahil sa stress, pakiramdam niya ay malayung-

malayo ang hitsura niya sa inosente at relaxed na mukha ng ina.

Nagmano siya sa matanda. "Na-miss ko din po kayo, 'Nay. Hindi pa rin kayo nagbabago, bolera pa rin kayo."

Natawa ang matanda. "Ginulat mo ako, Hija. Hindi ko akalain na dadalaw ka dito."

Napakunot ang noo niya. "Bakit, hindi po ba sinabi ni Papa na uuwi ako? Sumulat po siya at s'abi ay kailangan ko daw umuwi kaagad." Kinabahan siyang bigla.

"Wala namang sinasabi ang papa mo na ngayon ka darating. Madalas kasi..." May pag-aalangan sa tinig nito.

"Nandito ka na pala."

Pareho silang napatingin sa itaas. Nakadungaw sa maluwang na bintana ang kanyang ama, si Roberto Lopez. Nakatingin ito sa kanya na para bang isa siyang malaking pasanin sa buhay. Until now she could not believe that the once loving father she knew when her mother was alive was now treating her as if she had caused her mother's death.

Buong panahon na hindi sila nagkita, napansin

niya na malaki ang itinanda ng ama. Ang dating malago at itim na itim nitong buhok ay nahahaluan na ngayon ng abo. Tila ba hinila rin pababa ang mukha nito.

Leaning over the huge window, her father's imposing height commanded presence. Mukha man itong mahina at matanda, naroon pa rin ang matalim na tingin nito.

Some things never change, she thought. Nagbaba siya ng tingin. Lalo siyang nakaramdam ng resentment para sa ama. Mula nang mamatay ang mama niya ay tila hindi na siya nito tiningnan nang may pagmamahal.

Bigla niya tuloy pinagsisihan ang pag-uwi niya.

"Nanay Ising, pakisamahan na si Annie sa silid niya," utos nito. "Mayamaya lang ay maghain na kayo para makapag-almusal na tayo."

"I think I can find the way to my old room," saad niya, sadyang ipinarinig sa ama ang boses. Iyon lang at pumanhik na siya sa loob bitbit ang kanyang mga gamit.

She couldn't understand why she had to put up

with this pretense. Nang mag-almusal sila kasama si Nanay Ising, halos hindi niya malunok ang pagkain sa tensyon sa paligid. Ang hirap basahin ng ikinikilos ng papa niya; he was too guarded for his own good.

Hindi na niya natiis ang nakabibingging katahimikan. "Bakit n'yo ako pinauwi, Papa?"

Hindi niya sinadyang lumabas iyon sa bibig niya na para bang dumura siya. Since ayaw siya nitong kausapin, siya na lang ang nag-initiate ng conversation. Annie just wished she didn't sound so annoyed.

Her father didn't even look up from his plate. "Mamaya na natin pag-usapan. 'Wag tayong mag-usap dito sa hapag."

Something was amiss. Hindi naman siguro terminally ill ang papa niya kaya siya pinauwi sa kanila. Roberto Lopez looked tougher than an ox.

A few hours later, she sat on a wooden chair inside their library. Nakatayo ang papa niya sa bintana, kung saan nilalaro ng hangin ang puting kurtina. Bagaman mataas ang sikat ng araw, may bahagi pa rin ng silid na madilim. It was as if the room depicted father and daughter's perpetual enmity.

"We need to talk about the farm."

Nagtaka siya. Kahit kailan ay hindi siya isinali ng ama kapag lupa ang pinag-uusapan.

”What about it?” matabang na tanong niya.

”Kailangan ko ang tulong mo. Malaking damage ang tinamo ng farm dala ng matinding init nitong mga nakaraang buwan. Namatay ang ilan sa mga punong mangga. And not just a handful of trees, mind you. Malaking parte ng lupain ang natuyo. Naging matumal ang ani. In short, we are in dire financial straits,” paliwanag nito.

Naguluhan siya. Hindi niya pa rin maintindihan kung ano ang maitutulong niya.

”What does this have to do with me?”

Hindi niya sinasadyang lumabas iyon na parang wala siyang pakialam sa kanilang farm. She loved the place. She grew up there! Pero mas maraming masasakit na alaala ang naroon. Being there was the last thing she wanted.

”Nag-loan ako sa bangko para matugunan ang mga pangangailangan ng farm, kasama na ang pagkuha ng ilang tauhan para tulungan akong maayos ang lahat. Marami sa mga dating tauhan natin ang umalis. Pero hirap akong bayaran ang bangko ngayon dahil hindi na katulad ng dati ang ani natin.”

Nang iangat niya ang mukha ay saka lang niya naaninag ang sakit at paghihirap na maaaring pinagdaraan ng ama simula nang lisanin niya ang bahay.

”Papa, much as I’d like to help you, wala rin akong ganoong pera. I’ve just put up an office at kahit ako ay may pangangailangan,” aniya.

She really wanted to lend a hand, but how?

”Kapag hindi tayo nakabayad sa bangko next month, for foreclose na ang mga properties natin. Everything from the farm, the land, to this old house will be taken away from us.”

Nanlamig siya. Parang isang bundok ang gumiik sa kanya.

”Ang tanging paraan lang para hindi mangyari iyon ay kung papayag kang magpakasal sa may-aring bangko, kay Mr. Jeffrey Santillan.”

2

Ganoon na lang ang nakatutulig na katahimikan sa kuwarto pagkatapos ng mga salitang binitawan ng ama ni Annie. She stood rooted to the spot, her mouth dry. Gustuhin man niyang tumayo ay hindi siya sigurado kung kaya siyang suportahan ng mga tuhod. Hindi niya alam kung tatawa siya, sisigaw, o magwawala. Wala sa nature ng papa niya ang magbiro.

Hinintay niyang tumawa ito, pabulaanan ang lahat. Pero nakatingin lamang ito sa kanya na tila inaarok ang nadarama niya.

”You’re joking, right?” Sa wakas ay nakapagsalita siya. She gave a pained laugh. ”While I appreciate the sudden change in you, masyado yatang far-fetched ito, Papa.”

”Mukha ba akong nagbibiro?”

”But this is crazy! Wala tayo sa sinaunang panahon,” sagot niya.”

Kumunot ang noo nito. Alam niya ang expression na iyon—nawawalan na ito ng pasensya.

”Iyon lang ang paraan para maisalba ang farm.”

”You’re really serious, aren’t you? Wala na ba talagang ibang options? Hindi na ba puwedeng pakiusapan ang bangko or something? Wala na ba tayong kamag-anak na puwedeng hingan ng tulong?” Nakaramdam siya ng panic nang hindi magbago ang expression ng ama. ”Papa?” untag niya.

Hindi ito makatingin sa mga mata niya.

”Patawarin mo ako, Annie, pero masyadong malaki ang pagkakautang natin sa bangko. Gustuhin ko mang humingi ng tulong, masyadong malaking halaga ang kailangan para makabayad tayo. Ito lang ang option na mayroon tayo kung di tayo makakabayad,” desperadong saad nito.

Naikuyom niya ang mga kamay at napayuko. Nangilid ang luha sa mga mata niya. Pakiramdam niya ay nasa isang masamang panaginip siya kung saan hindi siya makagising anuman ang gawin. Gusto niyang magsisigaw at magwala. Roberto Lopez was asking too much of her.

“H-hindi mo hahayaang mawala sa atin ang lupang ito, hindi ba, Annie? Alam kong marami akong pagkukulang sa ’yo bilang magulang, pero alam mo kung gaano kahalaga ang lupang ito sa pamilya natin,

hindi ba? Ipinundar namin ito ng mama mo at—”

Nagpanting ang tainga niya sa narinig. How dare he mention her mother!

”I don’t even know him!” bulalas niya.

”Mr. Lopez, kung ayaw ng anak ninyo, hindi ko siya pipilitin.”

Sukat doon ay napatayo siya at napalingon.

The man who spoke was tall, about five feet ten inches in height. Maikli ang buhok nito pero malago iyon. It curled at the base of his neck and near his ears. He had thick brows, pert lips, a straight nose, a strong jaw, and his eyes... she could not discern their exact color.

He was standing against the light, to her right. His smoldering gaze was fixed upon her. Literal na nawala ang mga kataga na sasabihin niya nang magtama ang mga paningin nila.

She couldn’t explain why she felt like something was extremely familiar about him. Na para bang minsan na niyang natitigan ang mga matang iyon. Ganoon na lang ang pagkatigagal niya nang magsalubong ang mga kilay nito.

”Hindi ko pipilitin ang anak ninyo sa isang bagay

na hindi niya gusto.” His voice resonated inside the room.

Hindi maalis ni Annie sa isipan na parang narinig na rin niya ang boses na iyon.

“Who is he, Papa?” Her voice was no better than a whisper.

Her dad cleared his throat. ”Annie, this is Jeffrey Santillan, ang may-ari ng rural bank.”

She eyed him warily. Nakipagtitigan din ito sa kanya. His eyes were cold and unemotional.

”Can’t say I’m pleased to meet you.”

Ibinalik ng lalaki ang atensyon sa kanyang ama.

”Mr. Lopez, hindi ako mahirap kausap. We can always cancel the deal. Pero, wala na akong magagawa kung hindi kayo makabayad before the month is over. Kung tutuusin, I’m going beyond what would be considered as a professional arrangement with this offer, but I know of your sentimental ties with this land. Ngayon, kung labag sa loob ng anak ninyo....”

Aba’t sumabay pa sa pang-gi-guilt trip ng tatay niya ang kumag! She wanted to say something sarcastic. Ngunit nang dumapo ang tingin niya sa

ama ay naumid siya. Malungkot ang mga mata nito. Ngayon lang niya muling nakita na parang talunan ang ama mula noong mamatay ang kanyang mama.

”I... I’ll think about it.”

Two pairs of eyes suddenly flew to her face. Kahit siya ay nagulat sa mga sinabi niya. Hindi niya napigilan ang sarili nang makita ang expression ng ama.

”Puwede bang bigyan n’yo ako ng oras para pag-isipan ito?” pakiusap niya.

Napatingin ang papa niya kay Mr. Santillan. Tumango ang huli. She took the cue to get out of the room. She needed to breathe.

Sinundan ni Jeffrey ang papalayong anyo ng dalaga hanggang sa makalabas ito ng kuwarto. It took all his strength not to go after her. In fact, it took every ounce of his control not to reveal anything while they were talking earlier. His gaze never left Annie’s face the moment he saw her again.

His Annie.

Hindi niya maipaliwanag ang naramdaman nang muling makita ito. Para bang habang-buhay niyang

hinintay ang pagkakataon na magkaharap silang muli. But there wasn't a trace of recognition on her face.

Hindi siya nakilala ng dalaga.

It didn't come as a surprise to him. Malaki ang ibinago ng hitsura niya mula sa gusgusing binatilyong kaibigan nito noon. Ang totoo, bahagya niyang ikinatuwa na hindi siya namukhaan nito. They parted on sad terms. Maghihinakit ba siya kung di siya maalala nito?

Tandang-tanda niya ang araw na naghiwalay sila—sa ilalim ng pinakamalaking puno ng mangga sa farm ng mga Lopez. Now, he returned to fulfill the promise he made to her fifteen years ago. The promise she failed to hear.

Kahit ang ama ni Annie ay hindi rin siya nakilala. Everything was going according to plan. Gusto niyang ipakita kay Roberto Lopez na malayo na siya sa pobreng anak ng dating katiwala ng *Lopez Farm*. Gusto niyang ipamukha sa ama ni Annie na nagkamali ito sa paghamak sa kanya.

Totoong nagbabago ang panahon at minsan ay nag-iiba ang kapalaran ng tao. Siguro ay dapat pa niyang ipagpasalamat ang maaanghang na salitang

binitawan ng ama ni Annie sa kanya noon. Hindi niya sigurado kung iyon ang naging dahilan kaya nagsikap siya nang husto.

Siya na ngayon ang may-ari ng bangkong pinagkakautangan ng mga ito. Banking and Finance ang tinapos niyang kurso. He even took post graduate degrees. Ilang taon siyang nagtrabaho sa dalawang magkaibang kompanya.

Sinuwerte siya sa pag-i-invest sa stock market. Doon nanggaling ang ginamit niya para makapagpatayo ng rural bank sa bayan ng Candelaria.

And now, everything was falling into place. Kailangan lamang niyang makahanap ng tamang pagkakataon bago ibunyag kung sino talaga siya. He thought of Annie and how he had wanted to put his arms around her when fear crossed her eyes.

He just needed to wait for the right time to do that. And he was a very patient man.

3

For Annie, there was only one place to go whenever she needed solitude. Iyon ang lilim ng pinakamalaking punong mangga sa farm nila. Misty-eyed, she was still able to find her way to that familiar ground. Natakot siya na baka pati iyon ay namatay dala ng matinding tagtuyot.

Leaning upon the tree, she let go of the tears that she had been holding back since she came home. Napaupo siya sa isang malaking ugat at doon iniiyak ang sama ng loob at pangambang nararamdaman. Sa ilalim ng punong iyon, hindi niya kailangang magkunwari. Ang punong iyon ay isang matalik na kaibigan na hindi kailanman huhusga sa mga kahinaan niya. She felt at peace sa ilalim ng mga sanga niyon.

Nang maibsan ang bugso ng damdamin, pinahid niya ang luha gamit ang manggas ng kanyang t-shirt. She rested her head on the bark and closed her eyes.

Hindi pa rin siya makapaniwala sa mga nangyayari. She never thought that going back to the place of her childhood would get her in such a mess. Kulang pa ba ang problemang kinakaharap

niya sa Maynila? Pero sino ang ibang aasahan ng kanyang ama?

But still! Her father's demand was preposterous. Basta na lang siyang ipinagkasundo nito sa isang taong di niya kilala para pambayad utang. It was like something straight out of the Middle Ages!

Pero kung tatanggi siya, ma-se-sequester ng bangko ang buong lupain nila, kasama ang bahay nila.

Idinilat niya ang mga mata at pinagmasdan ang bahagi ng farm na naaabot ng kanyang paningin.

“Tris, sana nandito ka,” bigla niyang nasambit.

Natigilan siya. Bakit biglang-bigla ay sumagi ang kababata sa isip niya? Dahil ba dito sila madalas magkita noon?

Nakarinig siya ng kaluskos at agad siyang napaligon sa pinanggalingan ng ingay. Tumambad sa paningin niya si Jeffrey Santillan.

Lalong naging detalyado sa kanya ang hitsura nito. Tama ang kanyang unang assessment. He had strong features, from the way his hair fell over his eyes, to the steady line of his jaw. May kung anong kuryente na gumapang sa balat niya nang makita

niya ang totoong kulay ng mga mata nito.

His irises were a rare black. Bihira raw ang mga tao na may ganoong kulay ng mga mata. For Filipinos anyway. Karaniwan kasi sa mga Pinoy ay brown-eyed.

At ang mga matang iyon ay titig na titig ngayon sa kanya. His gaze was boring into her soul. She immediately averted her eyes.

“Ano’ng ginagawa mo dito?” Niyakap niya ang mga binti habang nakatanaw sa malayo.

“Naisipan ko lang lumabas at magpahangin.”

Sa dami ng puno sa buong farm, dito pa naisip magpunta, sa loob-loob niya.

Ipinasya niyang dedmahin na lang ito, baka-sakaling maisipan nitong umalis. Pero habang tumatagal ay siya ang gustong tumakas dahil sa pagkailang. Ramdam na ramdam niya ang presensya nito at alam niya na pinagmamasdan siya ng binata.

Hindi na niya matiis ang katahimikan.

“What’s in it for you?” tanong niya.

Sa totoo lang, kanina pa niya gustong itanong iyon sa lalaki. Pinilit niyang tumingin dito.

Nagkibit-balikat ito. Parang habit nito iyon.

“I’m sure you know how banks operate, Miss Lopez.” His foot played with a loose rock on the ground. Nang magtama ang paningin nila, he smiled sardonically.

“Kung tutuusin, ako ang agrabyado dito. Nakasaad sa will ng tatay mo na ikaw ang magmamana ng farm balang-araw. Pero kung hindi siya makakabayad sa lalong madaling panahon, magiging property ng bank ang lahat. We can put up everything for sale. Pero kung magpapakasal tayo, kahit paano, pag-aari n’yo pa rin ang lupa. And I can hardly sequester my wife’s property, right?”

She didn’t know if he was provoking her or what. Nairita siya sa casual na tono nito habang nagpapaliwanag. She tried to curb her exasperation.

“It’s not just your farm, Miss Lopez. Majority of the town’s produce suffered as well.”

Bigla siyang nakonsyensya. Hindi niya alam ang mga nangyayari dahil iniwasan niya talagang makibalita tungkol sa bayan nila. She looked up at Jeffrey at nagpasalamat na hindi ito nakatingin sa kanya.

Nakapikit ang mga mata nito habang nakasandal sa puno nang may banayad na hanging dumaan. The

breeze that fanned his face was crisp and delightful. Seeing his relaxed expression made her a little hopeful.

“Dito ka ba lumaki sa Candelaria?” naisipan niyang itanong.

Nagmulat ito ng mga mata at napatingin sa kanya.

“You were saying?”

“I asked kung dito ka lumaki sa probinsya o kung laking siyudad ka?”

“I... I was born and raised here,” he stammered.

“Hmm, strange. Maliit lang ang bayan na ito. Bakit hindi ko yata matandaan na may mga Santillan dito?”

He laughed. “Impossible naman siguro na malaman mo ang lahat ng taong nakatira sa bayan na ito by name, di ba? But your family’s well known. I bet there isn’t one person in this town who doesn’t know kung sino ang may-ari ng pinakamalaking mango farm sa buong Candelaria.”

Yeah, na ngayon ay may pinakamalaking utang sa bangko, mapait na sabi niya sa sarili.

Another gust of wind blew and rustled the leaves of the trees. Para bang inaalo siya niyon, dinadamayan sa lungkot na nararamdaman. Parang nahimasmagan siya, bagaman nag-aalangan pa rin kung ano ang dapat gawin.

“Madalas akong pumunta dito sa punong ito noon tuwing kailangan kong mag-isip at mapag-isa,” she blurted out of nowhere. “I feel at peace kapag nandito ako. Pero kahit gustuhin kong mapag-isa, meron parating susulpot na lang sa tabi ko.” Bigla siyang natawa sa alaalang iyon. Nagulat siya nang may madamang hapdi sa dibidib niya. “Hindi ko na nga lang alam kung nasaan na siya,” she added softly.

Wala itong isinagot doon. Tanging kaluskos ng mga dahon at ang huni ng mga ibon sa di kalayuan ang maririnig. Mayamaya ay tumayo na siya at pinagpagan ang suot na pantalon. She started walking back toward the house.

“Nakapagdesisyon ka na ba?” tanong ni Jeffrey nang dumaan siya sa tapat nito.

Pakiramdam niya ay alam na rin ng binata ang sagot doon hindi man siya magsalita.

Nang tuluyang maglaho ang anyo ng dalaga,

saka lang na-realize ni Jeffrey na halos pinipigil pala niya ang hininga buong panahon na nag-uusap sila. Pakiramdam niya ay parang hila ng sampung kabayo ang dibdib niya sa samu't saring emosyon na lumulukob doon.

Parang bumalik siya sa isang alaala ng kabataan nang makita niyang luhaan sa ilalim ng punong iyon si Annie. Again, it took all of his strength not to hug her when he noticed her tears.

Alam niyang siya ang tinutukoy nito na lagi na lamang dumarating kahit nais nitong mapag-isa. Kulang na lang ay ipagsigawan niya na nasa tabi na mismo nito ang kababatang tila hinahanap pa.

Mabuti na lang at hindi ito nakahalata nang mabigla siya sa tanong nito kung tubong-Candelaria siya. He didn't know if it was right to keep her in the dark. Ang tanging alam niya, hindi niya kakayaning mawala pa sa kanya si Annie ngayong nakita na niya itong muli.